2.2 ANG DIYOS AY NAPAKALAPIT O IMMANENT

Ang Diyos ay napakalapit o immanent. Siya ay nananahan sa limitasyon ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Ang matayog na Diyos na hindi kayang abutin ng tao o unawain ng lubusan ay napakalapit din. Mayroon Siyang mga communicable attributes na makaka-relate tayo katulad ng love, joy peace, patience, goodness, kindness, gentleness, faithfulness at self-control. Tinatawag ko itong mga immanent attributes.

TIME OUT

- Ano ang ibig sabihin ng immanent?

  _____

- Magbigay ng ilang communicable attributes ng Diyos.

  _____

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Ang Diyos na matayog o transcendent ay maaaring makilala.
	Ang matayog na Diyos ay immanent o malapit sapagkat:

PAG-ARALAN:

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

Juan 14: 1- 14

"Huwag mabagabag ang inyong kalooban; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya din kayo sa Akin. Sa bahay ng Aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin Ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda Ko kayo ng inyong matitirhan? At kapag naipaghanda Ko na kayo ng matitirhan, Ako'y babalik at isasama Ko kayo upang kayo'y makapiling Ko kung saan Ako naroroon. At alam na ninyo ang daan patungo sa pupuntahan Ko."

Juan 14: 1- 14 (*continuation*)

Sinabi sa kanya ni Tomas, “Panginoon, hindi po namin alam kung saan kayo pupunta, paano naming malalaman ang daan?”

Sumagot si Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko. Kung Ako'y kilala ninyo, kilala na rin ninyo ang Aking Ama. Mula ngayon ay kilala na ninyo Siya at inyo nang nakita.”

Sinabi sa kanya ni Felipe, “Panginoon, ipakita po ninyo sa amin ang Ama at masisiyahan na kami.”

Sumagot si Jesus, “Kay tagal na ninyo Akong kasama, hanggang ngayo'y hindi mo pa Ako kilala, Felipe? Ang nakakita sa Akin ay nakakita na sa Ama. Bakit mo sinasabing ‘Ipakita mo sa amin ang Ama’? Hindi ka ba naniniwalang Ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa Akin? Hindi sa Akin galing ang sinasabi Ko sa inyo. Ngunit ang Ama na nananatili sa Akin ang siyang gumaganap ng kanyang gawain. Maniwala kayo sa Akin; Ako'y nasa Ama at ang Ama ay nasa Akin. Kung ayaw ninyong maniwala sa sinasabi Ko, maniwala kayo dahil sa mga ginagawa Ko. Pakatandaan ninyo: ang nananalig sa Akin ay makakagawa ng mga ginagawa Ko, at higit pa kaysa rito, sapagkat babalik na Ako sa Ama. At anumang hilingin ninyo sa pangalan Ko ay gagawin Ko upang luwalhatiin ang Ama sa pamamagitan ng Anak. Kung hihiling kayo ang anuman sa pangalan Ko, ito ay Aking gagawin.”

- Base sa unang bahagi ng mga talata saan papunta si Jesu Cristo?

  _____

- Sino lamang ang tanging daan papunta sa Diyos? _____
- Ano ang sinagot ni Jesus kay Felipe nang hilingin niya na ipakita sa kanila ang Diyos Ama?

  _____

PAG-USAPAN:

Ang kuwentong nabasa ay ang huling hapunan ng mga disipulo at ni Jesu Cristo. Sinabi Niya sa Kanyang mga alagad na hindi na sila masyadong makakapagsama ng matagal at kung saan Siya pupunta. Maliwanag na sinabi ni Jesus na Siya ang daan, katotohanan at ang buhay. Sinabi rin Niya na walang makakarating sa Diyos Ama kung hindi lamang sa pamamagitan Niya.

Narito ang ilang sinasabi ng Bibliya tungkol kay Cristo: Siya ay Immanuel na ang ibig sabihin ay God with us (Matthew 1:23); Siya at ang Ama ay iisa (John 10:30); Siya ang larawan ng di-nakikitang Diyos (Colossians 1:15); Si Cristo ang luningning ng kaluwalhatian ng Diyos, ang eksaktong representasyon ng Kanyang kalikasan at hawak ng Kanyang salita ang buong sansinukob (Hebrews 1:3).

Upang maunawaan ng tao ang napakatayog na Diyos, nagkatawang lupa ang Kanyang Anak na si Jesus. Sinasabi sa John 1:1 at 14 ang ganito: Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkaroon ng laman at nanirahang kasakasama natin.

Sa aklat ng Philippians 2:6-7 sinasabi na inalis muna ni Jesus ang Kanyang kaluwalhatian at Siya ay nakibagay at namuhay nang tulad ng isang tao upang maipahayag Niya ang kalikasan at kalooban ng Diyos sa paraang maiintindihan ng tao.

Sa pamamagitan ng Panginoong Jesus, ang matayog na Diyos ay nagiging malapit din. Si Jesus ang exact representation ng matayog na Diyos.

Sa pagtatapos ng topic na Creation (Genesis) vs Big Bang Theory, binanggit ni Ms. Jeena ang kaniyang paniniwala patungkol dito. Bukod doon ay hinamon niya ang mga estudyante na alamin ang kanilang paniniwalaan patungkol dito at siguruhin na ito ay may pinagbabasihan. Naging malaking kaliwanagan kay Kim ang paliwanag ng kaniyang guro kaya naman naniniwala na siya na ang Diyos ang lumikha ng lahat. Habang nakikipagkuwentuhan si Kim sa kanyang best friend na si Margarette, nabanggit niya na mahirap pala maunawaan ang kabuoan ng Diyos kaya parang napakahirap Niyang makilala. Sinabi ni Margarette sa kanya na may mga katangian ang Diyos na makakarelate tayo kaya maaari nating Siyang maunawaan.

Bukod sa sinabi ni Margarette kay Kim, paano mo ipaliliwanag sa kanya na ang matayog na Diyos ay malapit rin, na maaring maunawaan at makilala?

_____

_____

_____

Ang Diyos ay napakalapit o immanent. Ang Diyos na malayo man ay naging malapit din sa pamamagitan ng Panginoong Jesus. Nagkatawang tao ang Kanyang Anak na si Jesus at naparito sa lupa. Nanirahan Siya dito na kasama ng tao.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Ano ang epekto sa akin ngayong nalaman ko na ang matayog na Diyos ay malapit din?

   _____

   _____

2. May mga communicable attributes ang Diyos na makaka-relate tayo katulad ng love, joy peace, patience, goodness, kindness, gentleness, faithfulness at self-control. Alin sa mga attributes na ito ang sa palagay mo kailangan mong mag-improve?

   _____

   _____

Natutuhan ko na	Ang Diyos na matayog o transcendent ay maaaring makilala.
	Ang matayog na Diyos ay immanent o malapit sapagkat:

Verse of the Day:

Si Cristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha. ***Colosas 1:15***